a Reason to Celebrate

# Ang Ilaw ng Mundo

WEEK 2

## WARM-UP

- Ano ang ilaw na pinakaginagamit sa bahay ninyo? Bakit ninyo ito madalas gamitin?
- Noong bata ka, nagkaroon ka ba ng mga *glow-in-the-dark* na bagay, o mga bagay na nagliliwanag sa dilim? Magkwento sa grupo tungkol sa mga bagay na ito.
- Ano ang isa sa mga paborito mong tradisyon tuwing Pasko?

## WORD

*4Ang Salita ang pinagmumulan ng buhay, at ang buhay na ito'y ilaw, dahil ito ang nagbibigay-liwanag sa mga tao. 5Ang ilaw na ito'y nagliliwanag sa kadiliman, at hindi ito nadaig ng kadiliman. . . . 12Ngunit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging anak ng Diyos.* **JUAN 1:4–5, 12**

Ang *buhay* kay Jesus ay walang hanggan. Kadalasan, ang pagkakaunawa lamang natin sa buhay na walang hanggan ay tumutukoy ito sa kabilang buhay, o buhay matapos ang ating kamatayan; ang patuloy nating pag-iral matapos ang buhay natin sa mundo. Subalit ang buhay na walang hanggan sa talatang ito ay tumutukoy din sa kalidad ng buhay natin dito sa mundo. Ang buhay natin kay Jesus ay ang kaharian ng Diyos sa lupa.

## 1 Ang buhay na walang hanggan ay matatagpuan kay Jesus.

*Ang Salita ang pinagmumulan ng buhay, at ang buhay na ito'y ilaw, dahil ito ang nagbibigay-liwanag sa mga tao.* **JUAN 1:4**

Ang kaharian ng Diyos dito sa lupa ang nagpapakita ng uri ng pamamahala ng Diyos, at hindi ito tulad ng mga pamahalaan sa mundo. Ang Hari ay mapangalaga, ngunit matuwid at makatuwiran din. Sa kahariang ito, mayroong kapatawaran ng kasalanan, kaligtasan, pagpapanumbalik, kagalingan, at kalayaan mula sa pagkakabihag ng kaaway. Ito ang masaganang buhay na nais ng Diyos para sa atin (Juan 10:10)—buhay na ganap, ang kalidad ng buhay sa mundo na maaari lamang maranasan kay Cristo. Ang buhay na ito kay Jesus ang *ilaw sa mundo*. Ano ang kaugnayan nito sa pagiging asin at ilaw natin sa mundo (Mateo 5:13–14)?

## 2 Ang buhay na walang hanggan ay nagdadala ng liwanag sa kadiliman.

*Ang ilaw na ito'y nagliliwanag sa kadiliman, at hindi ito nadaig ng kadiliman.* **JUAN 1:5**

Ang masaganang buhay kay Jesus ang ilaw na *nagbibigay-liwanag sa mga tao, at hindi ito nadaig ng kadiliman*. Ano ang ibig sabihin nito para sa atin? Ang ilaw na si Jesus ang tumutulong sa ating pagdaanan ang madilim na mundo. At higit pa rito, walang anumang makakadaig dito! Ang mundong ito ay puno ng kawalan ng katiyakan, pagkabahala, at kahirapan—subalit walang anuman sa mga ito ang makakadaig sa liwanag na mayroon tayo kay Jesus. Paano mo naranasan ang impluwensiya ni Jesus sa mga panahon ng kadiliman?

## 3 Ang buhay na walang hanggan ay natatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo.

*Ngunit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging anak ng Diyos.* **JUAN 1:12**

Paano natin mararanasan ang buhay na walang hanggan? Sa kanyang ebanghelyo, sinulat ni Juan na sinumang tumanggap kay Jesus at maniwala sa Kanyang pangalan ay *binigyan niya ng karapatang maging anak ng Diyos*. Ang lahat ng tao ay inaanyayahang manampalataya sa Kanya *na siyang ilaw* (Juan 12:36). Bilang mga anak ng liwanag, paano rin tayo makakapaghahatid ng ilaw sa madidilim na lugar?

## APPLICATION

- Ang lahat ng tumanggap kay Jesus at naniwala sa Kanyang pangalan ay nabigyan ng karapatang maging anak ng Diyos. Tinanggap mo na ba si Cristo at naniwala ka na ba sa Kanya para sa iyong kaligtasan? Hilingin sa isang tao na manalangin kasama mo upang matanggap mo ang buhay na walang hanggan.
- Pinagdadaanan mo ba ang isang madilim na bahagi sa buhay mo ngayon? Si Jesus ang ilaw na hindi madadaig ng kadiliman. Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang Kanyang pananaw sa sitwasyong ito at hilingin na baligtarin Niya ito.
- Isipin ang isang kaibigan, kapamilya, o miyembro ng iyong komunidad na dumaraan sa isang madilim na panahon. Hingin sa Diyos na ipaalam sa iyo kung ano ang nais Niyang gawin mo upang ikaw ay maging ilaw sa taong ito.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa buhay na walang hanggan, ang buhay na nagpapakita ng Kanyang kaharian sa mundo. Pasalamatan Siya para sa Iglesya at sa mga tao sa paligid mo na tumanggap sa Kanyang liwanag.
- Ipanalangin na makita mo ang kaharian ng Diyos sa mundo na isinasapamuhay ng Kanyang mga mamamayan. Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang biyaya na nagbibigay sa atin ng kakayahan na mamuhay nang naaayon sa Kanyang salita.
- Ipanalangin ang kalakasan at biyaya bilang mga anak ng liwanag upang maipakalat natin ang Kanyang liwanag sa mga tao sa paligid natin. Hingin sa Diyos ang mga tiyak na pamamaraan upang maging asin at ilaw ng mundo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph